expressing care for others and valuing their culture and traditions. Despite modernization and changes, "ammoyo" remains crucial in preserving their cultural identity and building strong community relationships. Hence, it is recommended to conduct benchmarking to explore history, tribe, and ethnolinguistic communities. To teach in-depth appreciation of the culture in the school, colleges, and universities in the Ilocos Sur. Support programs and projects in promoting and preserving culture of different tribes.

*Keywords* **–** Ammoyo, Identity, Mutual Help, Caring, Farming

**Abstrak**

Pinakalayunin ng pag-aaral na suriin ang kaugaliang "Ammoyo" sa komunidad ng San Emilio at Banayoyo. Ginamit ang basic interpretive qualitative design na binigyang kahulugan ang karanasan ng mga mangagawa, matatanda, at kabataan na nagsasagawa ng pakikipag-ammoyo, at binigyang interpretasyon ang lalim ng karanasan at kaalaman sa gawaing ammoyo. Isinailalim sa thematic analysis upang suriin at bigyang pagpapakahulugan ang tugon ng mga kalahok. Kaugnay nito, sa resulta ng pag-aaral, ang ammoyo ay simbolo ng pagkakaisa at pagtutulungan. Isang tradisyunal na pamamaraan ng pagtutulungan sa magkakaibang aspekto ng buhay tulad ng pagsasaka, pagtatayo ng bahay, at pag-aalaga sa komunidad at hindi lang praktikal na gawain kundi isang kultural na pamana. Nakapaloob sa ammoyo ang terminolohiyang tulad ng: *agiturong*, *bunggoy, isandi, iyabus*, *panagbibinadang*, at *panagsisinaranay* na naglalarawan ng pagtutulungan at kakayahang makipagtulungan sa panahon ng pangangailangan at suporta sa bawat isa, lalo na sa okasyon tulad ng kasal at pag may patay. Samakatuwid, natuklasan na ang ammoyo ay nagdudulot ng pagpapahalagang nagsisilbing aydentidad ng komunidad gaya ng: Saligan ng Pagkakaisa, Ammoyo: Pamana ng Aydentidad; Katatagan sa Paglutas ng Problema at Suportang Panlipunan, Responsibilidad sa Kaunlaran ng Komunidad. Sa kabuoan, ang ammoyo ay tradisyong nag-aambag sa pagkakaisa at kolaborasyon sa komunidad. Isang paraan ng pagpahahayag ng pagmamalasakit sa kapwa at ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyon. Sa kabila ng modernisasyon nananatiling mahalaga ang ammoyo sa pagpapanatili ng kultural na aydentidad at matibay na ugnayan sa komunidad. Kaya't inirerekomenda ang benchmarking activity sa paggalugad ng kasaysayan, tribu, at etnolingguwistikong lugar. Maituro sa paaralan, kolehiyo, at unibersidad ang pagpapalalim ng pagmamahal at paggalang sa kultura. Suporta sa programa at proyekto sa pagtataguyod at pagpreserba sa kultura ng tribu.

*Keywords - Ammoyo , Aydentidad, Pagtutulongan, Pagmamalasakit, at Pagsasaka*

## PANIMULA

Sa bawat komunidad, may mga gawain at kaugalian na naglalabas ng malalim na pag-unawa sa kanilang mga saloobin at pagkakakilanlan. Ayon kay Lacson (2019), ang kultura

ay matatawag na kaugalian ng isang pangkat ng mga taong nananahanan sa isang pamayanan. Kung kaya't ang nakagawian o pag-uugali ng isang tao ay nakasalalay sa paraan ng kanyang pamumuhay, kabilang na ang mga tradisyong nagpakikilala sa isang pook o lugar. Noong unang panahon, isa sa mga kaugalian ay ang gawaing "gamal" (pagtutulungan ng mga mamamayan sa isang pamilya o pagkatapos ng gawain ay nagkakatay ng hayop gaya ng aso, kambing, o baboy na kanilang inuulam at masayang nagsasalu-salo sa pagkain). Subalit, kalaunan ay naglaho ito dahil sa presensiya ng "*ammoyo*".

Ang tradisyon ng *ammoyo* ay patuloy paring namamayani sa kasalukuyan sa mga piling baranggay ng Banayoyo at San Emilio. Ito ay pagtutulungan, na nagpapakita ng ugnayan o koneksyon ng mga tao sa kanilang kapaligiran at sa kanyang sariling pagkakakilanlan. Tinuran ni Morrison (2023), ang kultura ng kapaligiran ng isang indibidwal ay nagpapalalim sa kamalayan sa pakikipag-ugnayan at pag-uugali o kilos ng isang tao sa loob ng isang komunidad.

Samakatuwid, ang kultura ay masasalamin ang wika,ang identidad, gaya ng nabanggit nina Amtalao at Lartec (2015), ang kultura ay kinapapalooban ng mga simbolong tulad ng wika, at mahalaga na maunawaan ang kahulugan ng kultural nito upang maging ganap ang pag-unawa sa mga lingguwistikong elemento. Sa ganitong paraan, nagiging malinaw na ang tao ay kasangkot sa kanyang lipunan. Subalit tinuran ni John (n.d) ang bawat indibidwal ay may natatanging katangian at kaugalian na ikinaiba niya sa ibang indibidwal. May sariling gawi at kaparaanan para mabuhay niya ang kanyang sarili. Natututo siyang makisalamuha sa iba gamit ang kanyang wika at sariling paraan ng pakikitungo sa iba.

Bilang dagdag, bahagi ng kultura ang tradisyunal na gawain (traditional practices), nagbubuklod at nagpakikilala sa mamamayan. Bawat lugar ay may kakaibang gawain na itinatangi at nagpakikilala sa kanila. Tinuran ni Macaranas (2020), ito ay kabuoang konseptong bumubuo sa pamumuhay ng mga tao, ang batayan ng kilos at gawi at ang kabuuang gawain ng tao. Binigyang-diin ang pagkakaisa upang mas mapadali, mapagaan, at matulongan ang mga tao sa kani-kanilang trabaho,gaya ng nabanggit ni Pepito (2022), ito ang nagsisilbing batayan ng kilos at gawi ng tao. Sa isang lipunan, tumutulong ang kultura sa pagbibigay ng katwiran kung ano ang kaibahan ng tama sa mali, at mabuti sa masama. Pinatitibay ito sa pag-aaral ni Diwa, Chaobang, at Kaitovic (2013), kung saan sa *Mayoyao, Ifugao*, hindi maiiwasan ang pagtutulongan o *bayanihan* upang mapalago ang ani ng mga magsasaka. Hindi rin pera ang magiging kabayaran sa mga tumutulong kundi taos-pusong pagpapakain upang ang enerhiya ng katawan ay manumbalik.

Sa kabilang dako, ayon kay Teves (2018), ang kultura at tradisyon ay kolektibong ginagawa ng isang komunidad batay sa mga pangangailangan ng miyembro nito. Halimbawa, ang *ug-ugfo* ay nagpapahayag ng pagtutulungan o bayanihan para sa sama-samang pagtatanim ng mga mag-sasaka sa *uma o payaw*, pagtatayo ng bahay, seremonya gaya ng kasal, binyag o libing, pag-aalay sa mga espirito, pangangalaga sa kalikasan at iba pa. Ang diwa ng *bayanihan* ay nagpapakita ng konsepto ng pagtutulungan ng mga

Pilipino sa panahon ng kagipitan na walang inaasahang kapalit. Kayat, ipinakikita na mahalaga na pag-aralan ang mga *traditional practices* sa iba't ibang rehiyon, lalo sa bansa at partikular sa mga komunidad o tribong may nakagawiang paraan ng pagtutulongan na nailalapat sa magkakaibang gawain gaya ng pagsasaka, pangingisda, at iba pa. Masasalamin na ang mga pag-aaral ay nakatuon sa pagwiwika, terminolohiya, at mga refleksiyon ng kanilang pagkakalipi. Marapat lamang na makita rin ang lalim ng pagpapahalaga sa traditional practices na magalugad ang konteksto ng pagkatao at kulturang niyayakap.

Sa kabuoan, ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay makapagdalumat sa mga terminolohiyang nagagamit sa pagtutulungan sa gawain ng *ammoyo* sa Banayoyo at San Emilio upang kilalanin ang pagpapahalaga sa aydentidad ng lugar na nagpakikilala sa pagkakalipi at pagkamamayan. Ang kontribusyon ng pag-aaral ay makatutugon sa edukasyonal na integrasyon sa pagtuturo ng panitikan partikular sa kultura ng tradisyunal na gawaing nagpakikita ng kooperasyon at magamit bilang sa pagpapalawig ng aralin sa mga asignaturang Social Science gaya ng (Sosyolohiya, Antroplohiya, Cultural Studies, Social Studies, Kasaysayan at iba pa.) Kaugnay nito, makatutulong ang pag-aaral sa kontekstuwalisasyon ng mga aralin sa Filipino at Panitikan, at magiging lunsaran sa pagtalakay sa indigenisasyon ng mga espisipikong aralin. Samakatuwid, ang pag-aaral ay makatutugon sa pagbuo ng matatag na community development sa pagbuo ng polisiyang nakatuon sa pagtutulongan ng gawain sa komunidad na magagamit bilang koda sa modernong panahon. Mailalapat sa konteksto ng kurikulum sa pagtuturo ng pagtutulungan sa mga gawaing pangklasrum, paggawa ng mga proyekto, major course outcomes, at gawaing maitataguyodang pagtutulongan sa paaralan. Ang preserbasyon ng gawaing *ammoyo* ay makatutugon sa pag-unawa at pagpapalalim ng ugnayan ng tao sa komunidad at gawaing pagsasaka na maibabahagi at maipapasa sa susunod na henerasyon.

**Pagpapahayag ng Suliranin**

1. Anong mga terminolohiya ang nakapaloob sa gawaing ammoyo?
2. Ano ang mabubuong pagpapakahulugan ng ammoyo sa iba't ibang aspekto?
3. Anong pagpapahalaga ang masasalamin sa gawaing ammoyo sa komunidad?

## METODOLOHIYA

### *Disenyo ng Pag-aaral*

Ayon kay Paul (2015), ang kwalitatibong pag-aaral ay naaayon sa persepsiyon ay pag-unawa ng tao. Binibigyang diin nito ang personal na karanasan at paglalarawan sa sitwasyon at pinag-aaralan ang buhay ng mga tao sa konteksto ng komunidad. Samakatuwid ang basic interpretive qualitative design ang pag-aaral sapagkat binigyan ng pagpapakahulugan ang karanasan ng mga matatanda, mangagawa, at kabataan sa

gawaing ammoyo sa komunidad. Batay sa karanasan ng kalahok sa gawaing ammoyo at mga kaalaman ng bawat isa ay nagkaroon ng pagbibigay kahulugan sa nakatagong konteksto ng pakikipagtulongan, pagbibigay suporta, at lalim ng pagkakabuklod ni mamamayan sa panahon ng mabibigat na trabaho. Ginalugad ang mga mabubuong tema batay sa mga ibinahaging kaalaman at karanasang masasalamin na nagpakikita ng lalim ng pagpapahalaga at pananaw sa tradisyunal na gawain. Sa ibang banda binanggit ni Wolgemuth at Agosto (2019), isang metodo ng masinsinang pag-alam sa mga kuwento upang maunawaan ang karanasan at kuwento ng tao, kultura, at komunidad.

## *Lokasyon at Populasyon*

Ang bayan ng Banayoyo at San Emilio ay kabilang sa pangalawang distrito ng Ilocos Sur na kapwa Indigenous People Community. Itinuon ang pag-aaral sa barangay Elefante, Banayoyo, Ilocos Sur at Kalumsing, San Emilio. Ang komunidad ay isinasabuhay pa rin ang tradisyunal na gawaing ammoyo na isinasagawa sa pagsasaka at alinmang gawain sa bukid na nangangailangan ng pakikipagtulongan upang higit na mapagaan ang gawain.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok na naaayon sa layunin at nais matamo ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay pumili ng mga kalahok sa pag-aaral na pawang may kaalaman sa gawaing *ammoyo* at isinasagawa ang pakikipag-ammoyo sa komunidad ng Banayoyo at San Emilio. Ang kabuoang kalahok ay walo, dalawang matatanda na may malalim na kaalaman at may karanasan sa pakikipag-ammoyo sa komunidad, anim na manggagawa na may kaugnayan sa gawaing ammoyo at nakikipag-usap sa mga iba't ibang gawaing pambukid na kasangkot ang pagpapa-unlad ng ammoyo, at dalawang kabataan na naisasailalim ang sarili sa pakikipag-ammoyo sa komunidad at patuloy na isinasabuhay ang pakikipagtulongan sa gawain. Ibig ipabatid na ang mga kalahok ay nabibilang sa homogeneous sampling na pawang mga grupo ng manggagawa at isinasabuhay ang ammoyo. Samakatuwid, ang mga kalahok ay representasyon ng pag-aaral, hindi na nagkaroon ng pagdaragdag sapagkat nakamit na ang *full data saturation* na halos magkakapareha ang sagot ng mga kalahok.

## *Instrumento ng Pananaliksik*

Ang kasangkapan sa pananaliksik ay gabay na interbyu upang malaman ang karanasan ng mga matatanda, manggagawa, at kabataan. Ginamit ang cellphone upang mai-rekord ang usapan at kuwento ng mga kalahok ngunit bago nagkaroon ng pag-rekord ay ipinaalam sa impormante upang mabigyan ng kaalaman na ang usapan ay naka-rekord. Kaugnay nito, ay nagbigay ng informed consent sa mga kalahok na sila ay boluntaryong nakibahagi sa pagkakalap ng mga datos. Nailahad din sa kanila na buburahin ang naka-rekord na panayam pagkatapos matranskrayb.

## *Paraan ng Pag-aaral*

Ang mga mananaliksik ay gumawa ng liham sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) Rehyon I bilang pagpapaalam sa paggawa ng pananaliksik ukol sa "Ammoyo" sa pamamagitan ng Direktor ng NCIP Region I at ang Direktor ng NCIP Probinsya ng Ilocos Sur. Gumawa din ng liham para sa kahilingang gumawa ng pananaliksik sa mga Punong Barangay ng Kalumsing, San Emilio at Elefante, Banayoyo parehong munisipalidad ng Ilocos Sur. Ang RO1 NCIP direktor ay nagbigay ng kanyang ideya at rekomendasyon sa paggawa ng pananaliksik at ito ay sinang-ayunan ng mga direktor ng NCIP Probinsyal at ng mga kawani ng NCIP Candon City, Ilocos Sur. Ang kahilingang liham ay personal na iniabot ng mga mananaliksik sa mga kinauukulan at mamahala ng panayam bilang paghahanda sa pananaliksik.

Ang *obtrusive methods* ay ginamit sa pag-aaral na iminumungkahi ni Enriquez sa paggamit ng FIM, obstrusive methods ay ang pakikipag-ugnayan sa impormante sa pamamagitan ng panayam o interbyu, nagkakaroon ng direct intrusion sa mga impormante sa araw-araw na pamumuhay. Ito'y ginamit bilang metodo sa paghangad ng mananaliksik na magkaroon ng paghubog sa ugnayan sa impormante. Nakapaloob ang pakikisangkot; (1) Pakikipagkwentuhan (chatting), nakipagpalagayang loob sa impormante upang magkaroon ng pagtitiwala. Direktang pakikipag-usap upang makabuo ng magandang ugnayan at nagkaroon ng pakikipagkaibigan, pagtitiwala, at walang bahid ng hiya sa pagitan ng mananaliksik at impormante, (2) Pakikinig (listening), sa pamamagitan ng pagtanong at pagpapakuwento tungkol sa Tadek, ay malayang pinakinggan nang maigi ang kuwento ng impormante. Nagkaroon ng matamang paghusga sa pagkakataong may ideyang may nais ipabatid na kahulugan o ideyang ng impormante na hindi nasasaktan ang kalooban ng mga kasangkot sa pag-aaral. (3) Pagtatanong–tanong (asking question,) nasangkot sa kasanayan sa pag-iinterbyu sa pamamagitan ng pagbibigay ng follow-up na tanong. Samakatuwid ang ayos ng mga tanong ay hindi napakapormal upang mapanatiling komportable ang magandang pagpapadaloy ng pakikipag-usap.

## *Pagsusuri sa Datos ng Pag-aaral*

Nagkaroon ng pagtranskrayb sa mga nakuhang datos sa mga impormante. Idinaan sa coding ng mga tugon na tinignan ang magkakaparehong sagot at pinagsama, ito ay binigyan ng espisipikong pagtutumbas hanggang sa magkaroon ng saturation ng mga nakalap na impormasyon at nagkaroon ng bagong tumbas sa mga napagkaisang datos.

Ginamit ang *thematic analysis* bilang isang proseso upang tukuyin ang mga tema mula sa mga nakalap na datos. Pinagtibay ang mga mahahalagang tema na nagsilbing pundasyon ng pag-aaral. Naging bahagi nito ang pagbuod ng mga datos na sumusunod sa interpretasyon at naglalayong magbigay ng kaalaman (Maguire at Delahunt, 2017). Ayon

kay Braun at Clarke (2006), ang pagsasagawa ng thematic analysis ay sumusunod sa mga hakbang: *1) become familiar with the data, 2) generate initial codes, 3) search for themes, 4) review themes, 5) define themes, at 6) Write-up.*

Ginamit ang thematic analysis upang masilayan at maunawaan ang mga kahalagahang tema mula sa mga datos na nakuha. Ipinakita sa prosesong ito ang pag-tugma ng mga datos sa mga tema, ang pag-aalam ng mga relasyon sa pagitan ng mga *codes*, at ang pagsusuri ng mas malalim na kahulugan ng mga tema. Sa kabuuan, ang proseso ng thematic analysis ay nagbibigay-daan upang masalin ang mga datos sa isang makabuluhan at masusing interpretasyon.

## *Etikal na Konsiderasyon*

Sa kabuoan ng pag-aaral, ito ay dumaan sa prosesong etikal sa pagbalideyt ng nilalaman at mga kasangkot na aspeto sa pagsagot ng mga kalahok sa isinagawang pag-aaral. Dumaan sa ebalwasyon ng tagapangulo at miyembro ng Ethics Committee ang pag-aaral at ibinahagi ng tagapangulo ang mga kailangang ikonsidera sa patuloy na pagsagawa ng pag-aaral. Naghanda ng informed consent sa mga kalahok upang masigurado ang boluntaryong pakikibahagi at pagbibigay ng kanilang kaalaman sa ikatatagumpay ng pag-aaral. Tiniyak na lahat ay sumunod sa tamang proseso gaya ng paghahanda ng liham at paghingi ng permiso upang mapanatili ang respeto at paggalang sa lahat ng sangkot sa ebalwasyon. Tiniyak ang confidentiality ng mga mga datos, suhestiyon, mungkahi at resulta ng pag-aaral upang matiyak at mapangalagaan ang kongkretong mga datos.

## RESULTA AT DISKUSYON

## *Terminong Nakapaloob sa Ammoyo*

Ang ammoyo ay natatangi sapagkat ipinakikilala sa talahanayan ang mga terminong ginagamit sa espisipikong gawaing pammagsasaka at mangagawang gumagamit nito. Ipinapahiwatig nito na ang gawaing ammoyo ay may mga salitang ginagamit na nagsisilbing bokabularyo ng mga magsasaka at mangagawa, upang magkaroon ng magandang daloy ng komunikasyon at mga gawain sa pagsasaka atiba pang gawain sa komunidad. Ipinapahiwatig din na ang mga terminong ginagamit ay nagsisilbing pamantayan ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Samakatuwid, ang mga termino ay ay naaayon sa kahulugan ng komunidad na gumagamit. Makikita sa pag-aaral nina Santiago at Buot (2018) na nananatili ang matibay na ugnayan ng komunidad dahil sa diwa ng pagsasama-sama (pacham). Ang mga kalahok mula sa iba't ibang sektor, lalo na ang mga magsasaka, ay binigyang-diin ang kahalagahan ng malakas na ugnayan sa komunidad sa kadahilanang ang terminong pacham ay nakapagpapalakas sa ugnayan ng mamayan.

**Talahanayan 1. Terminolohiya ng Ammoyo ng Banayoyo at San Emilio**

| Terminolohiya | Salin sa Filipino | Kahulugan |
|---|---|---|
| **Agiturong** | Magpapatrabaho | Ang tawag sa taong magpapatrabaho na siya ang magbibigay ng gawain kung pagkakanal, paglilinis sa pilapil, pag-aararo, pagtatanim ng palay o tabako, pag-aani ng palay, gawain sa tabako gaya ng pagtatanim, pag-aani ng tabako o *gatud.* Siya ang nagdidirekta sa mga taong kasangkot sa pakikipag-ammoyo. |
| **Bunggoy** | Grupo ng mga Mangagawa | Grupo ng mga manggagawa na kinakasangkutan ng mga babae, lalaki, kabataan, at matatandang nais makipag-ammoyo ng mga gawain. Maaaring lima, sampu, o higit pang bilang ng grupo. |
| **Isandi** | Taong Kapalit | Tumutukoy sa isang taong napakiusapan na makipag-ammoyo dahil hindi pagpunta ng mismong naki-ammoyo sa gawain. Pag ang mismong tao na nakipagkasunduan para sa ammoyo ay hindi makapupunta hahanap ng taong hahalili para sa mga gawain sa ammoyo. |
| **Iyabus** | Pagpunta sa ibang araw | Tumutukoy sa araw o panahon na hindi na nakapunta sa gawaing nakipagkasunduan sa ammoyo. Ang hindi pagpunta sa mismong araw ng trabaho ay hindi dahilan sapagkat mayroon pang ibang araw at panahon makapagtrabaho sa mismong taong na nakipagkasunduan para sa ammoyo. |
| **Panagbibinadang** | Pagtutulongan | Paglalarawan sa gawaing ammoyo na tumutukoy sa mga mamamayan na handang makipagtulongan sa gawain sa bukid at iba pang gawaing kasangkot ang ammoyo. Isang kaugalian ng mga taga-Banayoyo na ang pakikipagtulongan sa anomang aspeto ay nakikita sa komunidad. |
| **Panagsisinaranay** | Pagmamalasakit | Paglalarawan sa gawaing ammoyo na ipinapakita ang pakikipagtulongan dahil kabahagi ka ng komunidad. Ang pagtulong sa tao sa gawain sa bukid at iba pang kaugnay na gawain ay naipapamalas ang lalim ng pagmamalasakit sa kapwa at mga gawain. |

Sa kadahilanang ang komunidad ay nagpapakilos ng iba't ibang uri ng trabahong pagsasaka, tulad ng ubfu (palitan ng libreng paggawa), me-ebto' (pakikilahok sa anihan na may bahagi ng bigas), at changa (libreng paglilingkod na may libreng pagkain). Ang mga ganitong gawain ay patuloy na ginagamit sa lokalidad. Binigyang-diin ng mga magsasaka na ang sistemang ito ay tumutulong sa kanila na maging mas maayos ang organisasyon at hindi gaanong umaasa sa tulong ng pamahalaan. Sa kabuuan, mahalaga ang pagkakaisa at kooperasyon ng komunidad sa kanilang mga gawain sa pagsasaka at pagiging sapat sa sarili. Sa pamamagitan ng mga terminong ginagamit ay nagiging maganda ang daloy ng trabaho at pakikipag-unawaan.

## *Pagpapakahulugan ng Ammoyo sa Magkakaibang Aspekto*

### *Ammoyo: Pamanang Iniingatan*

Ang ammoyo ay buhay kahit nasa modernong panahon na ang pamumuhay ng mga tao. Bagaman sa komunidad ng San Emilio ay patuloy pa rin na isinasagawa sapagkat ito ay isang pamana ng mga ninuno na isinasabuhay para mapanatili ang espiritu ng pagtutulongan. Sa bayan ng Banayoyo, ay kaikitaan ng tatlong barangay na isinasagawa sa kasalukuyan. Nais lamang ipabatid na unti-unting nawawala kahalagahan ng pagtutulongan sa bayan ngunit sa pamayanan ng Elefante, Guardia, at Naguimba ay hindi nakalimutan ang ammoyo sa mga gawaing pammagsasaka.

Samakatuwid mula sa inilahad ng mga kinapanayam ay ang pagpapahalaga sa mga kinamulatang gawain sa komunidad na ipinamana ng naunang henerasyon na mapahanggang sa kasalukuyan ay patuloy na isinasagawa. Ito ang kaugalian at tradisyon ng tribu, na ipinapakita ang pagtulong at pagtutulungan sa komunidad.

> "Ado ay klase di ammoyo a ay nak panagammoyo di panagubra si taltalon, *panagubra si. No maipanggep si ammoyo, no nabangunan ay kaugalyan sina San Emillio ken sina barangay mi, adin a ket a nan tawen kon ay saissentay dos'n nan ay nabangunak met ay kaugalyan ay tradition nan ammoyo, irogisod as pagey, panagaani. Idi, tiempon di un-unana, awan payla di new varieties ay kankanada'y di kadaanan ay mairaraep. Ket sidi, agaammoyo nan iinna, aamma, babaro, babalasang si panagani. Intono kwan, into no nalpas an batang met ni tudi maysa nga nagpaiturong, umey to manen san sabali ay maki ammoyo, ta no bilang sak-in nagpaani ak no bigat, inton sumarunoy bigat adda maki ammoyoy agpaani a umey manen nan dooy da maki ammoyo. Kasta met sinan dooy panag kwa si ta naabutak met andi babaey, adda met an dooy agitudoy agpaaramid as babaey addan innamoyos di.*

(Maraming klase ng ammoyo gaya ng pagtatrabaho sa bukid, pagtatrabaho ng bahay, pag may kasal, pagtatanim ng palay at iba pa. Ang ammoyo ay kinamulatang kaugalian dito sa San Emilio at dito sa baranggay namin. Sa edad kong animnapu't dalawa ay namulatan ko ang pag-uugali at tradisyong ammoyo, matatawag na ammoyo ang pagtatanim ng palay at pag-aani. Noong unang panahon, wala pang matatawag na new varieties, ang itinatanim ay ang mga binhing palay. Bagaman, agaammoyo ang mga ina, ama, mga binata, at dalaga sa panahon ng pag-aani. Sa pagkakataong iyon, pag natapos ang trabaho ng nagpapaammoyo (nagpaiturong), ay maaaring pupunta ito sa ibang lugar o bukid para makiki-ammoyo,

kumbaga ako ay magpapaani ng palay bukas, sa susunod na araw at kung mayroong magpapa-ammoyo sa pag-aani ay pupunta at makipag-ammoyo na naman ako. Gayundin, ang ammoyong naabutan ko ay pagpapatayo ng bahay, pag mayroong magpaggawa ng bahay ay mayroong inammoyo roon.)

Sa ibang banda pinatotohanan din mula sa pahayag ng isang kalahok na:

> *Kadatudi nan kaugalyan ay ing-inggana ita adda paylaing no ammoyo. Kasla metlang an dooy panag mula as tabako idi, adda nan innammoyo. Ta dakami ay apo da ket adi me koma kayat ay madadael nan kadaanan ay ipaspasagepsep me kendatuna ububbing tadta ta tuladen da da tako. Ta maila met ay awan pagdaksan nan inar-aramid me. Sagapunay no mabalbalin ket aramiden da ladta koma.*

*(Ang ammoyo ay kaugalian ng tribu na hindi dapat mawala hanggang ngayon. Kagaya na lamang ng pagtatanim ng tabako, palay, at pagtatanim ng palay. Kaming mga matatanda ay ayaw naming mawala o masira ang kaugaliang ipinamana at ikinintal sa isip ng mga bata na dapat matularan. Sapagkat dito makikita ang kabutihan ng paggawa. Kung maaari ay isagawa pa rin nila.)*

Implikasyon nito ang pagkakaroon ng malalim na pagmamahal ay isang pamana ng mga ninuno nila na makatutugon sa mga pangangailangan ng kapwa magsasaka at kapwa nangaingailangan na makatulong sa komunidad upang mas mapadali ang trabaho. Masalamin din na ang lalim ng pagbibigay halaga sa gawaing ammoyo ay hindi maipagpapalit sa anomang modernisasyon at pagbabago ng panahon. Sinusugan nina Amtalao at Demetrio III (2019), ang pambansang kalinangan sa kultura ng lahi ay isang makapangyarihang daluyan sa pagsisid sa identidad ng nilalang sa kaniyang bayan. Isang pamaraan upang maipakilala ng tao ang sarili sa lipunang sagana sa sari-saring prinsipyo at paniniwala. Para sa mga pangkat-etniko, nagsisilbi itong tuntungan upang maihayag ang kanilang pagkalalang sa daigdig nang may paggalang sa kanilang mga tradisyon at pagpapahalaga. Isang pangangailangang dapat sipatin upang magkaroon ng kamalayan sa pinag-ugatan ng sarili, ng lahi, at ng kaniyang relasyon sa kaniyang kapwa.

***Ammoyo: Katapatan sa Trabaho***

Mula sa pahayag ay inilalarawan nito na ang ammoyo ay isang tradisyunal na kaugalian, isang sistema ng pagtutulungan sa komunidad. Ang paggawa ng iba't ibang gawain tulad ng pagtatayo ng bahay, pagtatanim, at pag-aani ay patunay na hindi masakit sa kalooban ang pagtulong bagkus isang masayang gawain na punong-puno ng pakikipagkapwa tao. Sa kasunduan, ito ay boluntaryong pagtulong ng mga miyembro ng komunidad nang walang bayad, kung saan ang mga mamamayan ay salitan na nagtutulungan. Ibig ipabatid na isang responsibilidad ang pagtanggap ng pakikipagtulongan na kaakibat ang tapat na pakikipagkasundo sa trabahong nais matapos.

*Pasaray addan sag sangapuloy agaammoyo, nu panagbangon si beey. Ket an inkeddeng ay tulagan idis di sag tatalloy aldaw no panagaammoyo mi. Ket nadanon san talloy aldaw ay adi payla nalpas san beey, siya di an matangdananen. No nalpas an dooy naikeddeng ay talloy aldaw. Kasta met an dooy panagtalon manen, panagarado, agiinnamoyo kami manen idin ay innarado payla si nwang awan di makmakina idi. Panagarado into no kwan panagpalpal, panagsuyod, panaglimpya. Kasta manen nu nalimpya, panagraraep ammoyo manen din. Di babbae, iinna ken babalasang, ammoyo datudi am-in. Adi ka tangtangdanan datudin ta innamoyo ngarod. No agmula kanto met si tabako wenno agtalon ka, umalin to met datudi inammoyom. Kasjay nan kwan di maysay ammoyo. Adda pay an maysa ay andooy ya no ammoyo di panag bennettek, panagbettek? Panag bolibol kanan da, addan dooy agiinnammoyo as panag bettek tapno kasta andooy agpa bettek ay adi na ammo, masursurwan sidi panagbettek ay panagammoyo.*

*(Ang napag usapang kasunduan noon ay tatlong araw ang pag-aammoyo ng bahay. Sa panahong inabot ng tatlong araw ang paggawa at pag hindi pa ito natapos ang bahay, kailangang may magbibigay na bayad sa mga mangagawa. Kagaya ng pagtatrabaho sa bukid at pag-aaararo, kami ay nag-iinammoyo noon. Ginagamit namin ang kalabaw sa pag-aararo, pagsasa-ayos sa pilapil (pagpapalpal), pagsusuyod, at pagpapatag (paglilimpya) at hindi ginagamit ang mga makina. Sa pagpapatag (nalimpiya), pagtatanim ng palay ay matatawag na ammoyo lahat iyon. Ito ang mga kaugalian na mapahanggang ngayon ay nananatili pa rin. Gaya rin sa pagtatanim ng tabako noon, mayroong inammoyo. Kung walang wala ka ay maaring hindi magbibigay ng meryenda. Taong 2000, ay mayroong ng gawaing ammoyo ngunit kaiba ngayon dahil kung wala kang ipapameryenda ay "ukis ti kamatis" wala ng pupunta kung minsan, ngunit mayroong pa ring ammoyo sa mga nais na maki-ammoyo. Hindi na kailangan ng bayad kasi nakipagammoyo ka. Kung magpapatanim ka ng tabako o magtrabaho sa bukid ay may inaasahang pupunta dahil may mga taong kinainammoyo mo. Ganoon ang ammoyo. Mayroong pang isang ammoyo gaya ng panagbettek pagtatali ng palay sa bukid (panagbettek). Panagbolibol ang ibang tawag sa panagbettek, mayroong agiinammoyo sa panagbettek upang ang taong nagpatrabaho (agpabettek) na may manggagawa na hindi alam ang gawain ay matutuhan nitong aralin pamamagitan ammoyo (panagbettek).*

Sa pag-aaral nina Barrameda at Barrameda (2011) ay nagpakikita ng pagkatutulad sa konsepto ng ammoyo. Ang damayan at bayanihan ay parehong nagtataguyod ng pagkakaisa at pagtutulungan sa komunidad, na nagpapalakas ng kolektibong tibay laban sa sakuna. Ang ammoyo, tulad ng mga nabanggit na nakagawian sa komunidad, ay isang anyo ng boluntaryong pagtulong na hindi nangangailangan ng bayad at ito ay nagpatitibay ng relasyon at tiwala sa loob ng komunidad. Hindi basehan ang mga naitulong bagkus isang responsibilidad at obligasyon na kailangang tumulong. Ito ay nag-aambag ang damayan, bayanihan, at ammoyo sa pagbuo ng sosyal na pagkakaisa.

Ipinapahiwatig lamang na ang kultura ng pagtutulungan at kooperasyon sa komunidad ay buhay. Sa kabila ng modernisasyon, ang ammoyo ay naglalarawan ng isang sistema kung saan ang serbisyo ay ipinagpapalit sa halip na pera, na nagreresulta sa pagtulong sa komunidad. Sa pamamagitan ng nito, natututo ang mga miyembro ng komunidad ng mga kasanayan sa agrikultura at iba pang gawain sa pamamagitan ng

aktwal na paggawa kaakibat ang pagiging tapat sa mga gawain at inilagak na kasunduan na kung may trabaho ay dapat maisagawa na hindi nanlalamang sa kapwa.

***Ammoyo: Pagmamalasakit at Pakikiramay***

Sa pagkakataong ikaw ay makikipagtulongan sa mga gawaing sa komunidad ay kinakailangan ang bokal na pagkilos na may pagtugon ng kapwa at mga nangangailangan sa panahong na ang isang pamilya ay namatayan o kailangan ng pakikiramay ng mga miyembro ng pamayanan.

> *Awisem kod nan bumarangay ket umali da ngamin ta daidanto met nan masiknan, kaslanto met ay umey kanto met ta inmali da ngaud san dooy nagawis ka. Ngem kasla kwan di ammoyo latta din a ngem no matey ngamin, no adday mateyan adi ka ibagbaga nan ammoyo ta kwa kasla metten ay awan di umey no adi ka maki ammoyon ay sidi nateyan. Ngem siya di kasar innangaw di, ala adi ka maki ammoyo ilak no adda di umali no agpakasar ka kanan da ket.*

*(Ang mga mamamayan ng barangay ay tutulong dahil ikaw ay nakaranas ng pagkawalay ng minamahal sa buhay, sa pagkakataong sila naman ang makararanas ng ganoon sitwasyon ay dadamayan ka rin nila. Maituturing pa rin itong ammoyo, pag mayroong namatay hindi na kailangang sabihing ammoyo kasi ito ay maituturing na responsibilidad bilang isang mamamayan sa isang komunidad. Ngunit ang kasal iyon ay katuwaan minsan, kung hindi ka maki-ammoyo tignan lang natin kung mayroong pupunta pag magpapakasal ka iyon ang sasabihin nila.)*

Bagaman sa pagkakataong may mabigat na pangyayaring dumating sa buhay ng isang miyembro ng komunidad ay may sandalan sapagkat ang mga miyembro ng komunidad ay handang tumulong sa pagkakataon na kailangan ang pakikiramay. Gaya naman sa kasal, kailangan ng tulong ng bawat pamilya at pamayanan upang matapos nang matiwasay ang gawain.

> *Kasjay nan di ammoyo sina ayan so,kasjay nan tradition ay adi kuma mapukpukaw inggana ita, panagi innammoyo. Kasla met an dooy kwa, adda an dooy kanan da ammoyo metlang abes no di agkasar, inkamet maki ammoyo a ta addanto met di umali no agpakasar ka, kasjay. Kasar no adi minateyan. Ngem no nan minateyan, baken ay kinaammoyo di ta kwa kas bumarangay, no masiknan ka, agawis ka uray no adika inammmoyo.*

*(Ganito ang ammoyo dito sa atin, ganito ang tradisyon na hindi dapat mawawala hanggang ngayon, panag-iinammoyo. Kagaya na lamang ng ammoyo ng kasal, pupunta ka maki-ammoyo para may pupunta rin kung ikaw ay magpakasal. Ngunit kung may namatay, hindi na iyon ammoyo dahil ito ay responsibilidad na makipagtulongan sa barangay, kung may namatay na bahagi ng pamilya ay maaaring tumawag ng tutulong kahit walang ammoyo.)*

Ang ammoyo ay nagpakikita ng pagmamalasakit at pakikiramay sa pamamagitan ng boluntaryong pagtulong ng mga mamamayan sa mga gawaing pangkomunidad, ay isang suporta sa oras ng pangangailangan at may masasandalan sa panahon ng krisis o mga bagay na makapagpapagaan sa nararamdaman at ang bigat o problema ng iisa ay sama-

samang pinapasan ng isang komunidad. Sa pag-aaral nina Bautista, Abanilla , Matillano and Abiera ( 2017) ay sumusuporta sa konseptong ito sa pamamagitan ng pagpakikita ng kahalagahan ng bayanihan sa panahon ng sakuna, tulad ng bagyong Yolanda, kung saan ang mga Waraynon sa Barangay Mohon ay naglaan ng kanilang mga natirang ari-arian at nagbigay ng suporta sa kapwa sa kabila ng matinding pinsala. Ang ammoyo at pintakasi (bayanihan) ay naglalarawan ng isang malalim na kultura ng pagtutulungan at pakikiramay, kung saan ang pagkakaisa at katatagan ng komunidad ay naipapakita tuwing may nangangailangan ng tulong. Ang mga natatanging kultura ng pagtutulongan ay nagpapabatid na kailangan natin ang ibang tao sa panahon ng pagkaulila na isang malalim na pagkakabigkis at pag-aalaga, at damayang nagpalalakas sa parehong ammoyo (bayanihan). Ipinapahiwatig na kailangan magkaisa at makiisa na makatulong at makita sa konteksto ng pakikisapamuhay bilang kasapi ng cultural community. Ang pag-aalala sa kapwa tao ay kailangan ng kaagapay at ugnayan bilang kasapi ng matatag na pamayanang pinagbubuklod ng pakikipag-unawaan.

## *Mga Masasalaming Pagpapahalaga ng Gawaing Ammoyo*

### *Saligan ng Pagkakaisa*

Pagkakaisa ng bawat mamayan ay nag-uugnay sa iisang direksyon ng isang grupo. Ang *ammoyo* ay paraan para magkaisa ang mga tao sa lahat ng gawaing pammagsasaka at pambukid. Umuusbong sa komunidad ang pagmamalasakit sa kapwa sa panahong may ipatatrabaho ang isang mangagawa bilang pagtupad ng kasunduan ng trabaho, tungkulin, at matibay na ugnayan. Ito ay nagbukas ng pintuan sa mga miyembro na nagkakaroon ng pagkakaunawaan at tiwala sa isa't isa. Ipinapabatid na ang kakayahan ay pinahuhusay na malampasan ang mga hamon at problema, at mas epektibong tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Sapagkat ang diwa ng ammoyo ay kontribusyon at pagtutulungan sa pagtugon ng pangangailangan.

Pinatunayan ito ng kalahok 1 sa kaniyang binanggit na, *"Siyempre, tinnulong garod dayta, nu adda pagkasapulan iti padam a tao kutno mabalin mo nga ipaay, tumulong ka. Kutno kasapulan dayta bagim, pigsam ipaay mo." (Siyempre, ito ay pakikipagtulongan, kung nangangailangan ng tulong ang ibang tao ay maaaring ipagkaloob at tumulong. Kung kailangan nila ang katawan at lakas mo para makatulong ay ipagkakaloob mo.)*

Idinagdag pa niya na *"Masapul nga agtitimpuyog, agbibinnuyog nga makitinnulong kasjay daijay. Tapnun intun sika mut iti makasapul syempre mannakitulong daijay nga tao kasapulan mut nga tumulong, ta nalaing mut nga maki-ammuyo". (Kailangang magkaisa, makibahagi at makipagtulungan at sa pagkakataon na ikaw ay nangangailangan ng tulong ay ay tutulongan dahil naging matulongan ka sa ibang tao.)*

Sinangayunan din ito ng kalahok 4 sa kaniyang binanggit na, *"Amin nga ubra diay taltalon pagtutulungan amin, mapan makisaranay ta no agpasken kanto met mapan danto met bumadang"* (*Oo lahat ng trabaho sa bukid ay kailangan ng pagtutulongan. Kung may mga okasyon ang isang kapitbahay dapat tumulong din nang sa gayon pag mayokasyon din sa bahay mo may tutulong o aagapay din sa iyo.)* Sa pangkalahatan, ipinapakita nito na ang *ammoyo* ay hindi lamang para sa pagkakaisa at

pagtutulungan, kundi isang kasangkapan sa pagmamalasakit sa isang gawain at kapwa na nagsisilbing gampanin sa panahon ng trabaho. Nagbibigay-daan ito sa paglago ng pagtitiwalang magbibigay ng pagkakataong gawin ang anomang iniatas na trabaho sa taong nagpa-ammoyo (magpatrabaho) at panaki-ammoyo (mangagawa ng isang trabaho para sa napagkasunduang gawain).

Sa pag-aaral nina Marasigan at Serrano (2014),lumabas sa kanilang pag-aaral na napakahalaga ang pagbuhay muli ng sinaunang kultura sa pagsasaka sa mga igugao ang bayanihan o "ubbu". Sa pamamagitan ng bayanihan, ang mga miyembro ng komunidad ay magtutulungan upang mapanatili ang kanilang kultura, mapabuti ang mga pamamaraan ng pagsasaka, at harapin ang mga hamon tulad ng mga peste at mababang ani. Ang kolektibong suporta at kooperasyon sa loob ng komunidad ay naglalayong magtagumpay sa kanilang mga tradisyunal at natural na gawain sa pagsasaka.

Mahalaga ang pagkakaisa at pagtutulungan sa panahon ng pagtatanim, pag-aani at iba pang gawain ay pagharap sa mga hamon at suliranin sa pagsasaka ay nakatutulong upang malampasan ang mga pagsubok na dumarating sa buhay. Ito rin ay nagbibigay ng pag-asa at matatag na pagkakaisa bilang ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad. Sinasang-ayunan sa pag-aaral sa Humanitarian Practice Network (2022), na sa panahong sinalanta ng bagyong Haiyan ang Leyte ay naipakita pa rin ang pagkakaisa at ang pagtutulongan sa bawat isa upang makaahon mula sa unos na naranasan. Ang lokal na NGO ay tumugon sa pangangailanga ng probinsiya, na sa panahon ng kalaamidad ay kakaunti man ang resources, ngunit hindi hadlang upang makatulong at makatugon sa pangangailangan ng mga pamilya bilang pagbabahagi ng pangangailangan na makabebenipisyo sa bawat isa. Bilang resulta, lalong lumakas ang ugnayan at pagkakaisa ng mga mamamayan sa ipinaranas na kalamidad.

Pinatotohanan na ang pagtutulungan ay may mahalagang papel pagpapabuti sa kagalingan ng mga komunidad na ito, makikita na ang mga tradisyon na ito ay matatagpuan at ipinagpapatuloy pa rin sa piling municipalidad ng upland na nagpapakilala sa kanilang aydentidad. Sinusugan ni Barrameda at Barrameda (2011), ang kahalagahan ng social resilience ay hindi pag-iisa ngunit ugnayan ng pagkakaisa kilala sa Pilipinas na pakikipagkapwa. Bagaman sa pagkataong Pilipino, ang panlabas na pagkatao ay representasyon ng pakikipagkapwa tao na naipakikita ang kabuoang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa komunidad. Pakikipagkapwa tao ay pagpapakita ng pagkakapatiran sa panahong nakatutulong sa boluntaryong pamamaraan na naipakikita ang pag-uugali ng tao. Hindi rin naihihiwalay ang estrakturang panlipunan sa konteksto ng bayanihan at pakikipagkapwa tao bilang pakikibahagi sa komunidad. Sapagkat ang komunidad na nadelubyo at naapektuhan ang mamamayan ay higit lalong nagtutulongan at nagdadamayan bilang patunay ng pakikipagkapwa kaugnay sa mga iba pang kapwa.

Sa ibang banda lumabas sa pag-aaral ni Basco (2014) na pinahahalagahan din ng mga komunidad ng mga Muslim ang kolaborasyon, tinatawag nila itong "magtabang o d'setatabang." Ang mga Manobo naman ay nagsasagawa ng "tanggawa-lawa," na

nagpapakita ng kanilang pagkakaisa at pagtutulungan sa panahon ng pag-ani ng mais, kasalan, at pagtatayo ng bahay. Ang mga pagdiriwang at mga pagsisikap na magtulungan ay pinasisigla ng hangaring suportahan ang isa't isa para sa kabutihan at kagalingan ng buong komunidad. Bagaman Ipinabatid din na ang konsepto ng "Kaamulan" ay kung saan itinatampok ang kahalagahan ng pagtitipon at pagsasama-sama. Pinaniniwalaan ng mga komunidad ng Muslim at Manobo na ang pagkakaisa ay may mahalagang papel sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kanilang kapwa sa komunidad. Ang mga natuklasan sa pangkalahatan at sa mga espesipikong komunidad ng mga Muslim at Manobo ay nagpapakita ng halaga ng pagtutulongan sa pagkamit ng mga pangkalahatang layunin at upang palakasin ang pagkakaisa ng mga miyembro ng komunidad.

***Ammoyo: Pamana ng  Aydentidad***

Isang malalim na koneksiyon sa kultural na pamana at aydentidad ang ammoyo na pinagtitibay ang halaga at kaalaman. Hindi maitatanging ang Pilipinas ay punong-punong ng pamanang kultural na kaugalian. Ang ammoyo, sa tulong nang patuloy na pagtangkilik at pagsasagawa ay nakikilala ang natatanging aydentidad. Mananatiling buhay na pamana ng nakaraan. Napatatatag ang samahan ng isang pamayanan kung nagkakaisa ang bawat tahanan sa pakikipagtulungan nang kusa sa kanyang kapwa. Kapag taglay ng isang pamayanan ang katangiang ito, indikasyon na nagkakaintindihan na tatak ng isang pamayanan. Sa pagbanggit ni Tyler (2010), ang mga pag-uugali ng tao ay impluwensiya ng atityud, pagpapahalaga, at pagkakakilanlang nagsisilbing refleksiyon ng social connection na hindi material interest. Ang pakikibahagi ng tao sa mga pinuno at kinabibilangang grupo ay sa pagkakaroon ng kaayusan sa komunidad.

Sa pakikibahagi ng mga mamayan ng Banayoyo sa komunidad ay naipakikita ang kanilang aydentidad bilang kabahagi ng kulturang niyayakap na binanggit ng kalahok 1, *"Kut masapul a nga kwa, nga apay ngamin inka iddepen dayta nga nabangonam nga kababalin nga aramid. Kut dayta naimbag nga aramid dayta panagtitinnulong. Masapul a nga agpatpatuloy latta talaga ayta. Hanka ngamin nga agbalin nga natangsit koma nu adda mabalin mon ay uray madik masapul sik-an, anjak ammuyo'en sik-an ta tumangtangdan nak lattan. Kut nu kabailan na okay latta mut daijay. Ngum kadagiti pada nga kwa kut kasapulan daijay panag-titinulong ammuyo latta. Ta syempre, haan mut amin nga banag kut kwa maipaay iti kwarta." (Hindi kailangang mawala ang mga nakagisnang pag-uugali. Sapagkat ang pakikipagtulongan ay magandang gawain na kailangang maipagpatuloy. Hindi kailangang maging mapagmataas sa panahong ikaw ay nakaka-angat. Huwag sabihing hindi ka namin kailangan, hindi ko kailangang makipag-aamoyo, at hahanap nalang ako ng mababayaran. Ngunit sa mga kagaya kong mahirap ay kailangan ang pagtutulongan o ammoyo. Kasi, hindi naman lahat ng bagay ay nadadaan sa pera.)*

Kahit sa mga kasal, lamay, at libing, ang tradisyunal na mga praktis ng tagnawa ay karamihan nang napalitan ng pagkuha ng mga panlabas na serbisyo, tulad ng mga grupo ng catering, upang mangasiwa sa paghahanda at paglilinis. Mas praktikal na ngayon ang mga Ilokano, mas gusto nilang magbayad para sa mga serbisyo kaysa umasa sa lumang kahulugan ng pagtutulungan. Implikasyon na ang pakikipag-ugnayan sa komunidad ay napakahalaga sa bayan ng Banayoyo na hindi lang ang sariling kapakanan ang iniintindi bagkus, makiramdam at makibahagi sa gawaing pangkomunidad. Pinatotohanan sa pag-

aaral nina Bautista, et al. (2017), ang isang baranggay sa Leyte ay may kakaibang kaugalian ang mga mamamayan na handang tumulong sa abot ng kanilang makakaya sa mga pamilyang mahihirap ang kalagayan sa buhay. Ang mga pinuno ng baranggay ay nagkakaroon ng pagbisita sa tahanan. Nagbibigay ng pera, bigas at pagkain na maitutulong sa mga pamilyang hikaos at sa paglalamay naman ay handang tumulong ang mga tao. Kaugnay sa paglalamay, dahil sa mga ipinagkaloob na tulong ng mamayan at malapit na ugnayan ay makatutulong ang mga ibinigay upang may maipakain sa mga bisita at ibang taong makikiramay. Ipinapahiwatig na kakaiba ang pamayanan ng Leyte na nagsisilbing aydentidad sa panahon ng pagtutulongan na isang kulturang hindi manankaw.

Ipinakita lamang na ang ammoyo ay kailangang manatili dahil higit na nakikilala ang mga mangagawa sa mga mabubuting gawain sa komunidad at hindi kailangan ng pagmamataas bagkus ang bayanihan ang mananatili. Ipinabatid sa pag-aaral nina Marasigan at Serrano (2014), na napakahalaga ang pagbuhay muli ng sinaunang kultura sa pagsasaka sa mga igugao ang bayanihan o "ubbu". Sa pamamagitan ng bayanihan, ang mga miyembro ng komunidad ay magtutulungan upang mapanatili ang kanilang kultura, mapabuti ang mga pamamaraan ng pagsasaka, at harapin ang mga hamon tulad ng mga peste at mababang ani. Ang kolektibong suporta at kooperasyon sa loob ng komunidad ay naglalayong magtagumpay sa kanilang mga tradisyunal at natural na gawain sa pagsasaka.

Sinusuportahan naman nina Lang-ay at Uy (2018), ang "Mampangu" at "Manguma" ng taga-Kalingga ay ibang katawagan sa lugar na nabanggit, ang Ammoyo (bayanihan) ipinapakita ng halaga at tradisyon na may malaking kahalagahan sa mga pagsasaka ng palay ng mga katutubong Pinukpuk. Ang Mampangu ay isang katutubong paraan ng pagsasaka kung saan ang mga mamamayan ay tinatawag ang kanilang kapwa taga-tribo upang magtrabaho sa kanilang uma nang walang bayad, at inaasahan nila ang tulong na pareho kapag sila naman ang nangangailangan ng tulong. Ito ay nagpapakita ng pagiging magkaugnay at pakikipagtulungan sa komunidad. Ipinakikita rin nito ang espiritu ng "bayanihan" at kusa sa pagtutulungan ng mga mamamayan sa paglilinis at paghahanda ng taniman. Naglilipat-lipat sila ng "uma" para sa susunod na araw, na nagpapahayag ng kanilang kamalayan at kooperasyon upang mapanatili ang sapat na suplay ng pagkain.

Ang mga natuklasan ay nagpakikita ng kahalagahan ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyon sa mga pagsasaka sa mga katutubong komunidad. Ang paggamit ng bayanihan at komunal na gawain ay nagbibigay-daan sa kanila upang masiguro ang kanilang pag-unlad at pagtibayin ang samahan ng komunidad. Sa pagpapalago ng kanilang mga kultural na pamana, patuloy silang nagpapalakas ng kanilang pagkakakilanlan at kultura bilang katutubo ng Pinukpuk. Sapagkat ang pagtutulongan ay hindi lang sa pagsasaka, patay, at kasal bagkus tinuran nina Barrameda at Barrameda (2011), ang bayanihan ay nakagawian na sa komunidad. Ang gawaing ito ay isinasabuhay sa mga okasyon na kailangang ng lakas ng mamamayan sa pagpapatayo ng bahay, trabahao sa bukid na hindi na kailangan ng pera, sa paggawa ng kanal, temporaryong tulay, paglilinis sa ilog, at iba.

Isinasagawa rin ang bayanihan sa mga espesyal na okasyon gaya ng kasal, baptismo, kaarawan, at paglilibing na kailangan ng kapitbahay ang iyong tulong na libre sa anomang oras o panahon na ikaw ay malayang makibahagi sa mga kaugnay na gawain.

***Katatagan sa Paglutas ng Problema at Suportang Panlipunan***

Ang ammoyo ay nagpalalakas sa pagiging matatag at kakayahan sa paglutas ng mga suliranin ng komunidad. Masasabing ito ay tanda ng kalakasan at katatagan kung sama-samang lutusin at harapin ang isang problema. Hindi matutumba nang basta basta ang may pagkakaisa. Nanatiling matatag sa anumang pagsubok na dumating kung madami ang handang tumulong at makiisa. Ito'y positibong kaisipan ng isang pamayanan na lumilikha ng pinakamagandang sandata sa anumang darating na sakuna't pagsubok.

Ipinapabatid na ang suportang panlipunan ay isang mahalagang proseso ng pagtutulungan at pag-uugnayan ng mga tao upang makamit ang isang layunin sa paglutas ng problema. Sa katutubong gawain, ay tumutukoy sa mga tradisyunal na gawain na madalas isinasagawa ng mga kasapi ng komunidad nang magkakasama. Dito naiuugnay ang mga kasapi ng komunidad, kung paano nagtutulungan at sa panahong may problema na nagsisilbing suporta ng lipunan upang maisagawa ang community service at boluntaryong pagtulong sa kapwa. Isang tradisyong naipakikita ang pag-aangkop sa sitwasyong nagagamit sa konteksto ng mga gawain upang maunawaan ang mga kaugalian at nakasanayan sa komunidad (Humanitarian Practice Network, 2022).

Makikita sa pahayag ng kalahok na hindi lamang sa pagsasaka may ammoyo ang mamamayan , kundi pati rin sa mga kasal ang bawat mamayan sa pook ay tumutulong para gumawa ng mga mga sarpaw (pansamantalang silungan habang may kasal o patay). Ipinapakita ang suporta sa panahon na kailangan ng tulong na problema upang malutas ang anomang partikular na gawain sa salaysay ng kalahok 5 sa kanyang pahayag na; *"saan laeng nga panagpalsa no di ket pati met lang diay panagparti ti maparti nga masida kasla bayanihan awan iti matangdanan." (Kapag may selebrasyon ng kasal kailangnan na tumulong sa pagpapatayo ng masisilungan, pati ang pagkakatay ng mga hayop na mailuluto. Dapat may bayanihan na hindi na kailangan ng maibibigay na sahod o bayad ng mga magtatrabaho.)*

Sinang ayunan ng isang kalahok (matanda) na kanyang binanggit na *"Kasla met an dooy kwa, adda an dooy kanan da ammoyo metlang abes no di agkasar, inkamet maki ammoyo a ta addanto met di umali no agpakasar ka, kasjay." (Kagaya na lamang ng ammoyo ng kasal, pupunta ka maki-ammoyo para may taong maaasahan kung ikaw ay magpapakasal.)*

Pinatunayan ng isang pang kalahok na nagsabi, *"Ngem siya di kasar innangaw di, ala adi ka maki ammoyo ilak no adda di umali no agpakasar ka kanan da ket. Ta siya di kwan di kaugalian ay dasnay tribu adi mapukpukaw di ammoyo inggana ita." (Ngunit ang kasal iyon ay katuwaan minsan, kung hindi ka maki-ammoyo ay wala kang maaasahang tutulong sa panahon na ikaw ay magpapakasal ng mga anak.Ito ay mahalagang kaugalian ng tribu na hindi dapat mawala hanggang ngayon.*

Kakikitaan ng ding ng ammoyo ng pagsuporta sa kapwa mamamayan sa panahong sila ay namatayan, ang mga mamamayan sa komunidad ay nagbibigay din ng kaunting

tulong. Binanggit ng kalahok 8 na *"Ngem no nan minateyan, baken ay kinaammoyo di ta kwa kas bumarangay, no masiknan ka, agawis ka uray no adika inammmoyo." (Ngunit kung may namatay, hindi iyon ammoyo dahil ito ay bahagi ng barrangay, kung ikaw ay namatayan, tatawag ka ng tutulong kahit walang ammoyo.)*

Ang pananaliksik nina Bagalayos et al. (2017),sa komunidad na kanilang pinag-aaralan, kanilang napatunayan na ang "Damayan" at "Bayanihan" ay ang pangunahing paraan ng mga tao sa mga panahon ng kalamidad para sa kanilang pagkapanatag at paggaling. Ang "Bayanihan," na nagpakikita ng pagboboluntaryo ng mga tao sa pagtulong sa iba, at "Damayan," na nagbibigay ng emosyonal na suporta upang malutas ang anomang problema at pangunahing pangangailangan, ito ay nakatulong sa mabilis na paggaling ng indibidwal. Dahil ang bayanihan at damayan ay likas na mekanismo sa komunidad, lalo na sa mga may kahirapan, partikular kapag walang maaasahang suporta mula sa ibang lugar, ito'y nakatutulong para madebelop ang kakayahan ng mga mamayan na bumangon, mapaunlad ang kanilang sarili, lokalidad.

Sa paglutas ng problema pinatunayan ng mga kalahok sa pahayag ni kalahok, *"Matulongam idjay pannagkasapulan na. Tapnun nu matulongam idjay problema idjay pagnagpatrabaho na. Kasta mut kenka naragsak kamut ta nakatulong ka iti padam nga tao." (Matutulongan mo siya sa kanyang pangangailangan. Para matulongan mo rin sa kanyang problema sa pagpapatrabaho. Masisiyahan ka rin dahil nakatulong ka sa kapwa.)* Binanggit din ng isang kalahok na, *"Tapno malaglag-anan ka kenni tapno haan ka nga agawisen iti pagtrabahuem kenni malag-anan pay iti pamilyam iti panagtangdan. No adda maubra diay banger mapan tulungan ta malag-anan tano addanto manen maubra diay bangeren mapan to manen tulunganen ta iti kasukat na metlang ket panagtulong iti panag-ubra." (Upang masiguro na hindi mahirapan at nag-iisa sa iyong trabaho at mga manggagawa ay makatutulong din ito sa iyong pamilya. Kung mayroong ipapagawa ang ibang tao, maari nating tulungan, sa panahong ng pangangailangan ay may taong handang tutulong kapalit ng iyong pagtulong.* Sa ibang banda inihayag din ng isang kalahok 4 na*, "Malag-anan diay nagpasken ken haan da pay agtangdan." (Hindi mabi bigatan ang taong may may mahalagang pagdiriwang dahil hindi magbabayad ng pasahod.)*

Bagaman nakatatutulong ang *ammoyo* sapagkat ito'y isang behikulo upang matulongan ang tao sa kanyang problema na binanggit ng kalahok 5 na, *"Inoy napintas ay maitulong, ket nan dooy man inmalian na ay nagtrabaho, siya maitulong na, kastan to met no panagabusen ta addan to met di maitulong ko ken siya." (Ang magandang maitutulong,ay pagpunta niya upang magtrabaho. Sa panahon na kailangang magbayad ng trabaho ay may maitutulong naman ako sa kanya.)*

Samakatuwid, pinatunayan nina Bagalayos, et. al, (2017), mula sa karanasan ng mga piling barangay ng Leyte sa mga sandaling kinailangan nilang magkaisa upang harapin ang paglilibing ng mga bangkay dulot ng bagyong Yolanda, ipinakita ng bawat isa ang kanilang pagtutulungan upang maipananggalang ang kanilang sarili at magkaroon ng pag-asa sa pagbangon. Sa kabila ng hirap ng sitwasyon at kawalan ng mga pangunahing pangangailangan, nagtulungan upang maiwasan ang anumang banta ng kontaminasyon habang inilalagak ang mga bangkay sa hukay na nagsagawa ng mass burial. Ipinakita nito na sa kabila ng pagsubok, ang diwa ng pagkakaisa at pagmamalasakit ay mas matimbang kaysa sa pagiging makasarili. Bagaman walang makain, bawat isa ay biktima, at ang kahirapang naranasan dulot ng bagyo hindi ito naging hadlang upang hindi malutas ang problema ng mamayan at komunidad. Hindi namayani ang pagkamakasarili at kawalan ng

pag-alala, pagmamalasakit, at pagmamahal bagkus ipinakita ang pagkakaisang makapagtulongan sa problemang kinaharap. Patunay rin dito ang pagsusuri nina Bowles and Gintis (2011), ipinakita ang kahalagahan ng pagtutulungan at pag-aambagan para sa ikabubuti ng bawat isa at ng komunidad, dapat ang tao ay kailangang makiisa na hindi sarili ang iniintindi ngunit tunay na pagmamalasakit sa kapakanan ng iba o kapwa.

Sa ibang sitwasyon naman ipinakita ang diwa ng pagmamalasakit at pagtutulungan ng mga Filipino. Ipinakita sa kanilang karanasan na ang ammoyo ay hindi lamang pagpapakita ng kahalagahan ng tradisyon at kultura, kundi pari na rin sa panahon ng pangangailangan. Malinaw na nakatulong ang ammoyo sa ibat- ibang aspeto. Ipinakita na ang pagtutulongan ay nagdudulot ng kaginhawaan sa buhay ng isang tao, pamilya at komunidad. Ipinakita ang kahalagahan ng pagtutulungan sa pagsalaysay ni Taylor & Taylor (2021), kung saan ipinakita kung paano ang mga Pilipino sa ibang bansa ay nagkaisa upang tumulong sa mga kapwa Pilipino na apektado ng kahirapan dulot ng pandemya. Sa pamamagitan ng FILCON-NL Alliance at ang pakikipagtulungan sa Red Cross Netherlands, naging posible ang pagkolekta ng pondo at iba't ibang tulong para sa mga Pilipino migrants. Nagpamalas ito ng matibay na samahan at pagkakaroon ng pagmamalasakit sa kabila ng kanilang sariling mga pagsubok.

**Responsibilidad sa Kaunlaran ng Komunidad**

Ang kaunlaran ay makikita sa responsableng paggawa ng gawaing makatutugon sa pangangailangang inilalagak sa pag-unlad ng komunidad pinatotohanan sa pahayag ng kalahok na, *"Isu daijay iti pakakwaan na iti panag dur-as. Adda panag dur-as iti maysa nga ili, maysa nga barangay nu amin dagiti tattao kut ammu da iti kaipapanan iti ammuyo, panagtitinnulong." (May kaunlaran ang isang bayan kung ang mga mamamayan sa pamayanan ay may alam sa ammoyo. Ito ang tinatawag nilang pag-unlad.)* Ipinabatid ng kalahok na ang pagkakaroon ng kaunlaran ng komunidad ay nakasalalay kung ang mga mamamayan ay may kaalaman sa kanilang responsibilidad na tumulong at hindi lamang isinusulong ang pansariling interes. Sinasalamin mula sa salaysay ng mga kalahok na kung ang bawat mamayan ay niyayakap ang isang tradisyon na bokal sa puso na naghahatid ng pag-unlad ng komunidad. Masasabing ang pamana ng mga ninuno ay patuloy na isinasagawa at itinuturo sa mga kabataan at mamamayan upang magkaroon ng hakbang na maghahatid ng kakaibang komunidad.

Ang pagsasaliksik nina Barrameda at Barrameda (2011), nagpakikita na ang bayanihan na nakagawian na tinatawag bilang *damayan* ay magagamit bilang tuntungang bato sa pag-oorganisa at makapaglatag para sa mamamayan na may pagpapahalaga sa komunidad. Sa pamamagitan ng pag-organisa ng mga mamayan, ang katatagan ng komunidad at mamayan ay mas mapalakas dahil sa pagtutulongan at *community based livelihood* na napananatili ang pag-unlad ng isang lugar. Ang pangkabuhayan ay nakatutulong sa mamayan na maging matatag sa panahon ng mga problema sa anomang kalagayan o sakuna.

Samakatuwid, ipinakita ang kaakibat ng kaunlarang natatamasa ng mga tao sa komunidad ayon kay Manalili (2012) sa pagbanggit ni Teves (2018), madalas sa usapin ng "kaunlaran", ito ay ibinabahagi na lamang sa mga mamayan ng Bontoc, at ang pakikilahok ng mga tao sa "kaunlaran" ay ang maging tagasunod nalamang sa programang pagpapaunlad na itinatakda ng pamahalaan atng dayuhang korporasyon batay sa kanilang interes at pangangailangan. Kabilang sa positibong sistema ng pagpapahalaga ay ang: pag-una sa interes ng komunidad kaysa sa sariling interes; pangangalaga sa rekurso at tradisyunal na gawain para sa susunod na henerasyon. Gaya na lamang ng "ayyew" o simpleng pamumuhay o ang pagtitipid at hindi pagsasayang ng anumang maaaripang gamitin. Ito ang tradisyunal na katutubong kultura ng paggamit ng kalikasan. Implikasyon din nito na kailangang hindi sayangin ang katutubong gawaing ammoyo sapagkat nagdudulot ng kaunlaran sa buhay ng mamamayan at responsibilidad na tumulong sa panahon ng pagsasaka.

Samakatuwid ito ay salungat sa pag-aaral ni Esguerra (2019) sa kaniyang natuklasan na ang *tagnawa practice* (Bayanihan) sa pagsasaka unti-unti nang nawawala sa komunidad ng mga Ilokano. Ang unti -unting pagkawala nito ay sanhi ng ilang kadahilanan, kasama na ang pag-iral ng teknolohiya na nagpapahintulot sa *farmers to become self-reliant*. Sa tulong ng modernong kagamitan sa pagsasaka tulad ng kuliglig, maaaring maganap nang sabay-sabay ang pagbubungkal, pag-aararo, at pagtatanim nang walang pangangailangan ng mga magagawa.Bukod pa rito, dahil nagkaroon ng sahod para sa mga magtatanim ng palay at ang tulong teknikal at pinansyal mula sa mga Lokal na Pamahalaang ay lalo pang nakapagpabawas sa pangangailangan para sa tagnawa practice (bayanihan) sa panahon ng pagsasaka. Ang pagtutulungan at pagpapagtibay para sa pangkalahatang kabutihan ay unti-unting napalitan ng pagkamakasariling pagkilos.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan ay nabuo ang kongklusyon: a) ang mga terminong nakapaloob sa ammoyo ay ang mga sumusunod: *agiturong, bunggoy, isandi, iyabus, panagbibinadang, at panagsisinaranay* na nagsisilbing aydentidad ng mga at mamamayan ng Banayoyo at San Emilio. Ito rin ay masistemang pag-oorganisa at pagtutulongan sa loob ng komunidad na nagpapalalim ng ugnayan ng bawat isa; b) Nagbibigay ang ammoyo ng kahalagahan ng tradisyon, integridad at pagkakaisa at pakikisa sa komunidad. Nagpamamalas ng pag-unlad at matibay na ugnayan sa loob ng lipunan na nagbubunga ng kaayusan at payapang pamumuhay; at c) Ang ammoyo ay hindi lamang isang gawain kundi isang malalim na kahulugan at halaga sa buhay ng komunidad. Ito ang nagtuturo ng pagkakaisa, kolaborasyon, pagpapahalaga sa kultura, katatagan sa mga pagsubok, at pangangalaga sa kaunlaran ng komunidad. Ang mga ito ay pinapalakas ang ammoyo bilang isang tradisyunal na kaugalian na nagpalalaganap ng pagmamalasakit at pagkakaisa.

Batay sa kongklusyon ay inilalahad ang rekomendasyon: a) magkaroon ng benchmarking na gawain ang edukasyonal na Institusyon ng Ilocos Sur Polytechnic State College ang tungkol sa kultura at kasaysayan ng tribu sa mga paaralan at mga

etnolingguwistikong lugar sa Ilocos Sur na nagtataguyod ng School of Living Tradition at mga Indigenous People School na naglalayong palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang mga kinamulatan; b) Dapat ituro sa mga paaralan sa elementarya at sekundarya, kolehiyo at unibersidad ng Ilocos Sur ang kahalagahan ng pagkakaisa at pagtutulungan upang mapanatili ang tradisyon na ito sa mga susunod na henerasyon; at c) ang lokal na pamahalaan na matatawag na IP Community at mga organisasyon ay dapat maglaan ng tulong at suporta para sa mga programa at proyekto pangkultura sa mga tradisyunal na gawaing pagtutulongan na naglalayong mapanatili at ipreserba ang kultura at tradisyon ng tribu. Maaaring isama ang pagtataguyod ng mga tradisyonal na palaro, sayaw, o pagdiriwang upang mabigyan ng halaga at pagkilala ang kanilang kultura.

## IMPLIKASYON

Mahalagang mabigyang pansin ang mga gawain sa lokalidad upang mahaylayt ang mga natatanging kultura ng pagtutulungan na siyang nagpakikilala sa komunidad. Sa pananaliksik, ipinakita lamang na ang mga lugar sa bawat munisipiyo at probinsiya ay may kakaibang kulturang isinasagawa sa kasalukuyan. Hindi pa rin nawawala ang diwa ng pagtutulongan na nagbibigay buhay sa pagsasama-sama, at kasiyahan. Sa ibang banda, ang kalungkutan ng komunidad ay hindi lamang iisa ang nagkakaroon ng suliranin ito ay pasanin ng bawat miyembro. Patunay lamang na ang "Ammoyo" ay isang mekanismo ng mga taong nagtutulungan upang mapagaan at magkaroon ng responsibilidad, tungkulin at pananagutan sa pagkakataong nakipagkasundo sa isang gawain sa pagsasaka, pagtatanim, pag-aani, kasal, at kung may namatay.

Kaugnay nito, ipinapabatid na kailangang galugarin ang mga nakatagong kultura sa bawat pamayanan na pagtuonang pansin ang proseso ng pagsasagawa ng gawain, polesimiya, mga simbolismong nagsisilbing di-berbal na representasyon. Bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na nagsisilbing representasyon ng pag-aaral na hindi lang limitado ang bilang bagkus bawat kinatawan ay mas marami pa sa dalawang bilang. Hinihikayat ang participatory na pakikilahok ng mga mananaliksik sa disenyong etnograpiya upang mas mapalalim ang ugnayan ng bawat isa at masuri ang tradisyunal na gawain sa nais mapalabas na resulta ng pag-aaral.

## ACKNOWLEDGEMENT

The authors acknowledge the National Commission on Indigenous People Region 1, and the Municipality of San Emilio and Banayoyo for the Approval to conduct the study “Ammoyo”.

## FUNDING

This research received no external funding.

## DECLARATIONS

### *Conflict of Interest*

The researchers declares that there are no conflicts of interest (personal relationships) related to the conduct of this study.

### *Informed Consent*

All participants were thoroughly informed about the study and voluntarily provided their full consent before participating the research.

### *Ethics Approval*

Approval to conduct the study was granted by the relevant ethics committee institutional review board.

## SANGGUNIAN


Amtalao, J. A., & Demeterio, F. P. (2019). Bogwa: Kultural na paghuhukay sa oral na tradisyong Ifugao. *Malay Journal*, *31*(2), 84-102.

Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano. *Malay, 27*(2), 69-89.

Bagalayos, H. L. N., Barizo, N. C. T., Berja, C. C., Bucayu, P. M. G., Donato, A. A., & Tindowen, D. J. (2017). *One for all, all for one: the role of damayan and bayanihan in building a disaster resilient community.* University Research Center Development, University of Saint Louis. Hinango sa http://urdc.usl.edu.ph/papers/siterb/siterb_vol1_s2016_p6.pdf

Barrameda, T. V., & Barrameda, A. S. V. (2011). Rebuilding communities and lives: The role of Damayan and Bayanihan in disaster resiliency. *Philippine Journal of Social Development*, *3*(1), 132-151.

Basco, E. (2014). *Mga Dalit sa Aurorahan: Sosyo-kultural na Lente ng Etnisidad ng mga Talisayon*. Hinango sa https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congress-proceedings/2014/LCCS/LCCS-I-003-FT.pdf

Bautista, D., Abanilla, C., Matillano, A., & Abiera, A. (2017). Pintakasi: A unifying factor in a local village in the Philippines. *International Journal of Research-Granthaalayah*, *5*(21), 53-65.

Bowles, S. & Gintis, H. (2011). *A Cooperative Species: Human Reciprocity and Its Evolution*. Princeton: Princeton University Press. https://doi.org/10.1515/9781400838837

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative research*

*In Psychology, 3*(2), 77-101.

Diwa, J., Chaobang, Ai., & Kaitovic, Tijana. (2013). *Supporting the resilience of the Ifugao communities and Rice Terraces systems.* Hinango sa https://www.academia.edu/10040203/Resilience_of_Ifugao_Communities_and_Rice_Terraces_Systems, noong Agosto 28, 2023

Esguerra, N. A. (2019). Men and women in the Tagnawa System of Ilocos (PHILIPPINES). *Journal Sampurasun: Interdisciplinary Studies for Cultural Heritage, 5*(2), 102-113.

Foundation University (Philippines), & Macaranas, M. A. (2020). *Ang kultura*. Studuco. Retrieved August 15, 2023, from https://www.studocu.com/ph/document/foundation-university-philippines/intro-sa-pag-aaral-ng-wika/kahulugan-uri-katangian-at-kahalagahan-ng-kultura-parinas-aljohn/32691390

Humanitarian Practice Network. (2022, February 14). *Bayanihan after Typhoon Haiyan: are we romanticising an indigenous coping strategy?. Humanitarian Practice Network*. Hinango sa https://odihpn.org/en/publication/bayanihan-after-typhoon-haiyan-are-we-romanticising-an-indigenous-coping-strategy/, noong Hulyo 10, 2023

John, J. (n.d.). *LESSON 1. FIL ED 221*. Scribd. https://www.scribd.com/document/506835701/LESSON-1-FIL-ED-221

Lang-ay, P. L. D., & Uy, S. (2018). Kalinga beliefs and practices affecting the upland rice Farming activities. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 5*(6), 57-86.

Maguire, M., & Delahunt, B. (2017). Doing a thematic analysis: A practical, step-by-step guide for learning and teaching scholars. *All Ireland Journal of Higher Education*, *9*(3), 3351-33514.

Manalili, G. A. (2012). *Pag-oorganisa ng pamayanan tungo sa kaunlaran na mula sa tao para sa tao*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Marasigan, S. B., & Serrano, J. V. (2014). Indigenous Farming Families of Ifugao: Partners in Safeguarding the Sustainable Use of Natural Resources. *IAMURE International Journal of Ecology and Conservation*, *10*(1), 1-1.

Michelle Catap Lacson. (2019, October 16). Lacson: Pangangalaga sa pamanang kultura. *SunStar Publishing Inc.* https://www.sunstar.com.ph/pampanga/opinion/lacson-pangangalaga-sa-pamanang-kultura

Morrison, C. (2023). *Kulturang pangkapaligiran:nkonsepto, kahulugan, mga Halimbawa*. Hinango sa https://tl.warbletoncouncil.org/cultura-ambiental-11745, noong Agosto 13, 2023

Pepito, R. D., Yambagon, L. B., & Singcolan, J. C. (2022). Rambeng: Isang Natatanging Uri ng Pag-aasawa ng mga Manuvu at ang Impluwensiya ng Bagong Panahon. *Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences*, *20*, 75-87.

Paul, Natalie. (2015). *A Basic Interpretive Study of the Experiences of University Students Who Have Dropped or Failed an Online Course*. FIU Electronic Theses and Dissertations, Article 1828. https://digitalcommons.fiu.edu/etd/1828

Santiago, J. O., & Buot Jr, I. E. (2018). Conceptualizing the socio-ecological resilience of the Chaya rice terraces, a socio-ecological production landscape in Mayoyao, Ifugao, Luzon Island, Philippines. *Journal of Marine and Island Culture*, *7*(1), 107-126.

Taylor, R., & Taylor, R. (2021, May 6). 'We are Filipinos, we do bayanihan, we help each other': undocumented migrants in the Netherlands during COVID - LSE COVID-19. *LSE COVID-19 - From research to global policy response*. https://blogs.lse.ac.uk/covid19/2021/05/06/we-are-filipinos-we-do-bayanihan-we-help-each-other-undocumented-migrants-in-the-netherlands-during-covid/

Teves, M. T. (2018). Ug-ugfo: Pagkilos ng Katutubong Kababaihang Magsasaka Laban sa Proyektong Hydropower sa Bontoc, Mountain Province. *Philippine Journal of Social Development*, *10*, 51-76.

Tyler, T. (2010). *Why People Cooperate: The Role of Social Motivations*. Princeton: Princeton University Press. https://doi.org/10.1515/9781400836666

Wolgemuth, J. R., & Agosto, V. (2019). Narrative research. *The Blackwell encyclopedia of sociology*, pp 1-3. Blackwell.

## Author's Biography

Si Dr. Maribel M. Gagto ay guro ng Ilocos Sur Polytechnic State College. Siya ay kasalukuyang Chief, Institutional Government-Initiated and International Accreditation/AUN Quality Assurance Unit. Balideytor ng mga instrumento at awtput ng pananaliksik sa undegraduate at graduate programs. Presenter ng pananaliksik sa lokal, rehiyonal, nasyonal, at pandaigdigiang kumprehensiya.

Si Eugene B. Dapiosen ay dating guro ng Kagawaran ng Edukasyon na ngayon ay nagtuturo sa Ilocos Sur Polytechnic State College. Kasalukuyang koordineytor ng GAD ng ISPSC-Candon Campus. Balideytor ng mga instrumento at awtput ng mga pananaliksik, presenter ng pananaliksik sa lokal, rehiyonal, pambansa, at pandaigdigian.